

# Dapat na sumasalamin ang mga lokal na konseho ang pagkakaiba-iba ng ating mga komunidad

## Bakit hindi ka tumakbo para sa halalan ng lokal na pamahalaan?

Ang mga tao mula sa magkakaibang mga kultura at wika ay kulang ang kinakatawan sa mga lokal na konseho. 10.1 porsyento lamang ng mga konsehal ay nakikilala bilang may magkakaibang wika.*

Nangangahulugan ito na sa mga maraming komunidad sa buong NSW, ang boses ng maraming mga tao ay nawawala sa mga debate at pagdedesisyon.

Kung dedikado ka sa iyong komunidad, hinihimok ka namin na kumandidato para sa iyong lokal na konseho.

Kung nahalal ka, magkakaroon ka ng isang direktang tinig sa mga desisyon na makakaepekto sa mga darating na henerasyon.

### Bakit ako dapat na maging isang konsehal?

Ang pagiging isang konsehal ay magbibigay ng isang kapana-panabik na pagkakataon upang magdulot ng kabutihan. Ito rin ay isang pagkakataon upang bumuo ng mga bagong kasanayan at makipagtulungan sa mga magkakaibang tao.

Ang mga lokal na konsehal ay nakikipagtulungan sa mga lokal na tao at negosyo upang malaman kung ano ang mahalaga para sa kanila at ipatupad ito. Sinisiguro nila na ang ating mga nayon, bayan at mga siyudad ay lalaki at uunlad ngayon at sa hinaharap.

### Ano ang ginagawa ng mga konseho?

Ang mga konseho ay nagbibigay ng mga serbisyo na inaasahan ng mga tao at mga negosyo sa komunidad araw-araw.

Nagbibigay at pinapangalagaan nila ang ilang mga uri ng imprastraktura katulad ng mga gusali sa komunidad, mga daan at daanan ng mga bisikleta.

Pinoprotektahan nila ang kapaligiran at nagbibigay ng serbisyo sa komunidad katulad ng mga liwasan, sentro ng libangan at mga aklatan. Pinaplano din nila ang napapanatiling pag-unlad sa kanilang lokal na lugar ng pamahalaan.

### Ano ang ginagawa ng isang konsehal?

Inaalam ng mga konsehal kung ano ang mga kagustuhan ng mga mamamayan at kinakatawan ang kanilang mga pananaw.

Sa pakikipagtulungan sa iba pang mga konsehal, magdedesisyon sila kung ano ang gagawin ng konseho upang matugunan ang mga kinakailangang ito at kung paano dapat magamit ang pera sa pinakamahusay na kapakanan ng kumunidad sa kabuuan.

### Ano ang mga katangian ang kinakailangan ko upang maging isang matagumpay na konsehal?

Ang pagiging etikal, walang itinatago at matapat ay mga pinakamahalagang katangian ng mga matagumpay na konsehal. Bukod dito, kailangan mo:

- na masigasig na mag-aral
- ang mga kasanayan sa komunikasyon upang makipag-usap sa mga tao ng iyong komunidad at isaalang-alang ang iba't-ibang mga pananaw
- ang mga kasanayan sa pamamahala ng oras at organisasyon
- ang mga kasanayan sa paglulutas ng mga suliranin
- ang mga kasanayan sa magkakasamang pagtutulungan.

Mahalagang makipag-usap sa iyong pamilya tungkol sa kung nababagay ka na maging isang konsehal sa iyong buhay, kasama ang iba pang mga trabaho at mga personal na priyoridad. Kailangan mo ng oras na basahin ang mga council business paper, dumalo sa mga pagpupulong at magiging kinatawan ng konseho sa ilang mga kaganapan.

Upang maranasan kung ano ang ginagawa ng isang konsehal, maaaring gusto mong magpunta sa isang pagpupulong ng konseho, makipag-usap sa isang kasalukuyan o nakaraang konsehal o mga tao sa iyong komunidad tungkol sa mga lokal na isyu.

*Pinagmulan: Candidate and Councillor Diversity Report 2021/2022 na inihanda ng Office of Local Government.

# Nagtatrabaho ang Office of Local Government upang palawigin ang pagkakaiba ng mga lokal na konseho.

Ang NSW ay isa sa mga may pinakamaraming magkakaibang kultura na estado sa mundo. Hinihimok ng Office of Local Government (Tanggapan ng Lokal na Pamahalaan) ang isang magkakaibang saklaw ng mga kandidato upang lumahok sa halalan.

Kinakailangan ng iyong lokal na konseho ang pagkakaibang mga kultura upang ipakita ang iba't-ibang mga kinakailangan ng mga miyembro ng komunidad. Ang pagkakaiba (diversity) ay nagdadala ng iba't-ibang mga karanasan sa pagdedesisyon, na sumisiguro sa mga konseho na magbigay ng pinakamahusay na mga kinalalabasan para sa kanilang mga komunidad.

## Anong suporta ang matatanggap ko?

Kung ikaw ay mahalal, makakatanggap ka ng suporta upang maunawaan ang iyong tungkulin at maging matagumpay. Ang iyong konseho at ang Pamahalaan ng NSW ay magbibigay ng pagsasanay para sa iyo. Ang Lokal na Pamahalaan ng NSW ay nagsasagawa rin ng mga hanay ng mga kursong pagtatalaga ng tungkulin (induction courses) at mga pagsasanay sa propesyonal na pag-unlad (professional development training) sa kabuuan ng termino ng konseho.

Ang mga konseho ay tumutugon sa ilang mga gastos at nagbibigay ng iba pang mga kagamitan upang tulungan ang mga konsehal sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin. Maaaring kabilang sa mga gastos ang pagsasanay, mga conference, paglalakbay, telepono at pangangalaga sa mga dependyente tulad ng mga bata. Iba pang mga kagamitan ay maaaring kabilang ang mga computer at mga kasangkapan sa opisina upang gamitin sa mga trabaho sa konseho. Maaari ring magbigay ng tulong ang mga konseho upang tulungan ang mga konsehal na may mga kapansanan o iba pang mga espesyal na pangangailangan.

Ang mga konsehal ay nakakatanggap ng isang taunang bayad mula sa konseho batay sa isang hanay na itinakda bawat taon ng Local Government Remuneration Tribunal.

Ang bayad ay kinikilala bilang sahod para sa layunin ng buwis. Maaari ring makatanggap ang mga konsehal ng isang bayad na kontribusyon sa superannuation mula sa kanilang konseho bukod sa kanilang sahod.

## Paano ako maaaring tumakbo sa halalan?

Upang maging kwalipikado na tumakbo sa halalan, dapat kang:

- may edad na hindi bababa sa 18 taon at isang mamamayan ng Australya
- nakatira o may-ari ng bahay sa loob ng lugar ng konseho
- nasa listahan ng mga botante para sa lugar ng konseho
- hindi diskwalipikado na mahalal para sa isang posisyon, halimbawa, kung nakagawa ka ng mga pagkakasala.

Ang pagmumungkahing ihirang ka (nominating) bilang isang kandidato ay kailangang isumite ng alinman na:

- hindi bababa sa dalawang kwalipikadong tao na nakatala sa kaparehong ward o lugar na iminungkahi kang kandidato, o
- isang rehistradong opisyal ng isang rehistradong partidong pampulitika.

Upang matulungan ang mga kandidato at grupo na humirang (nominate), bumuo ang NSW Electoral Commission ng isang online na sistema ng aplikasyon na nagbibigay-daan sa mga kandidato at mga grupo na kumpletuhin at ihain ang kanilang mga nomination form at upang bayaran ang kanilang deposito ng nominasyon sa online.

Ang mga kandidato at mga grupo ay kailangan ding sumunod sa mga batas ng pagpopondo sa halalan (electoral funding laws) sa pamamagitan ng pagrehistro sa NSW Electoral Commission, na maaaring gawin gamit ang sistema sa online nito.

Maaaring magbigay na karagdagang impormasyon ang NSW Electoral Commission kung paano wastong mag-nominate, at kung paano magplano at ayusin ang iyong kampanya kabilang ang mga tuntunin sa paglalathala at pagbabahagi ng mga materyal ng kampanya tulad ng mga poster.

Dapat ka ring maghain ng impormasyon tungkol sa mga donasyong pampulitika na maaari mong matanggap upang tulungan kang isagawa ang iyong kampanyang elektoral sa NSW Electoral Commission.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Maaari kang makahanap ng karagdagang detalyadong impormasyon sa seksyon na "Become a councillor" sa website ng Office of Local Government sa mga website sa ibaba.

**Ang iyong lokal na konseho**
Tingnan ang NSW Local Government Directory sa website ng Office of Local Government (tingnan sa ibaba).

**Office of Local Government (Tanggapan ng Lokal na Pamahalaan)**
Email: olg@olg.nsw.gov.au
Website: www.olg.nsw.gov.au
Telepono: (02) 4428 4100
TTY: (02) 4428 4209

**New South Wales Electoral Commission (Komisyon ng Halalan sa New South Wales)**
Email: candidates@elections.nsw.gov.au
Website: www.elections.nsw.gov.au
Katanungan ng mga kandidato at konsehal:
1300 022 011
TTY: 133 677 at pagkatapos ay hilingin ang 1300 022 011

© Estado ng New South Wales sa pamamagitan ng Department of Planning, Housing and Infrastructure. Ang impormasyon na nakalagay sa loob ng paglalathalang ito ay batay sa kaalaman at pagkakaintindi sa panahon ng pagsusulat (Hunyo 2024), at maaaring mabago (subject to change). Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang nsw.gov.au/copyright